HALAW SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG CARDONA, RIZAL, NA GINANAP NUONG IKA-11 NG MAYO 2006 SA IKATLONG PALAPAG NG PAMAHALAANG BAYAN.

NAGSIDALO:

KGG. MA FE SJ. PASTORAL. M.D.	-	Pang. Punong Bayan/ Tagapangulo
KGG. VIRGILIO A. RIVERA	-	Konsehal
KGG. OPHER F. STA. MARIA	-	Konsehal
KGG. FELIX A. ARRIOLA	-	Konsehal
KGG. ARMANDO V. FRANCISCO	-	Konsehal
KGG. RUBEN P. OCAMPO	-	Konsehal
KGG. CRISPO F. JULIAN	-	Konsehal
KGG. EDGARDO P. GONDRANEOS	-	Ex-Officio (ABC Pangulo)
KGG. JESUS R. FRANCISCO, JR.	-	Ex-Officio (PPSK Pangulo)

HINDI DUMALO:

KGG. RAUL C. HIMBING	-	Konsehal
KGG. GARRY R. SALAMAT	-	Konsehal

****

ORDINANSA BLG. 06-27

KAUTUSANG PAMBAYAN NA NAGTATAKDA NG OPERASYON / PAMAMAHALA NG MGA TRICYCLE SA NASASAKUPAN NG BAYAN NG CARDONA AT PAGPAPATAW NG KAUKULANG PARUSA

May-akda: Kgg. Opher F. Sta. Maria
Sponsor: Kgg. Garry R. Salamat

SAPAGKAT, ang pamahalaang bayan ng Cardona, Rizal, ay may kapangyarihan na magtakda ng mga batas alituntunin at regulasyon sa operasyon ng pamamasada ng mga tricycle sa nasasakupan ng bayan ng Cardona;

SAPAGKAT, katungkulan ng pamahalaang bayan na pangalagaan ang kapakanan ng mamamayan nang maayos at tahimik na pamayanan;

SAPAGKAT, napatunayan batay sa tala na taun-taon ay nadaragdagan ang maraming bilang ng mga tricycle at mayroon nang halos 800 na units kung saan ay nagdudulot ng karagdagang plusyn sa hangin, pagsisikip ng trapiko, at pagliit ng pang-ataw-araw na kita ng mga tricycle drivers;

KUNG KAYA'T SA ISANG MUNGKAHING MAY PAGPANGALAWA, PINAGPASIYAHAN TULAD NG NARIRITONG GINAWANG PAGPAPASIYA ANG MGA SUMUSNOD:

Pangkat I. KATAWAGAN

Ang kautusang ito ay kikilalaning “Number Coding” o “Reduction Scheme Ordinance” ng Cardona, Rizal.

Pangkat II. TERMINO

Ang mga termino o salita na ginamit sa kautusang ito ay mangangahulugan o may pakahulugan ayon sa sumusunod:

1. Number Coding - huling numero ng plaka ng lokal na prankisa ang magiging batayan o gabay ng ordinansang ito.

2. Reduction Scheme - pagbabawas ng bilang ng mga mamamasadang tricycle.

3. Polusyon sa hangin - masamang hangin na likha o ibinubuga ng mga sasakyan.

4. Pagsisikip ng trapiko - ito ay likha ng pagdami ng bilang ng mga sasakyan.

5. Pagliit ng kita - bunga ng maraming bilang ng mga tricycle na namamasada sa isang maliit na lugar o pamayanan.

6. Emergency - mga pangyayari na nangangailangan ng mabilisang pagkilos tulad ng sakuna, paghingi ng tulong sa sadyang kinauukulan, at iba pang kahalintulad nito.

Pangkat III. PAGTATAKDA NG ARAW AT ORAS (Restriction)

Sa ilalim ng kautusang ito ang mga tricycle ay pinagbabawalang mamamasada mula ika-6:00 ng umaga hanggang ika-7:00 ng gabi sa mga araw na itinakda base sa huling numero ng plaka ng lokal na prankisa ayon sa sumusunod:

1, 2	Lunes	7, 8	Huwebes
3, 4	Martes	9, 0	Biyernes
5, 6	Miyerkoles		

** Papayagan ang lahat na mamasada sa araw ng Sabado, Linggo at mga araw na deklaradong pista opisyal, lokal o nasyonal.

Pangkat IV. EXEMPTION

Hindi sakop ng kautusang ito ang mga pagkakataon tulad ng pagdadala ng pasyente sa pagamutan o mga kasong “emergency.”

Pangkat V. PATAW NA PARUSA

Unang paglabag	-	Multang P200.00
Pangalawang Paglabag	-	Multang P500.00
Pangatlong Paglabag at sa mga susunod na paglabag	-	Multang P1,000.00

PINAGTIBAY ngayong ika-11 ng Mayo 2006.

AKING PINATUTUNAYANG TAMA AT WASTO ANG KAPASIYAHANG ITO.

IMELDA S. RAMOS
SB Kalihim

PINATUTUNAYAN:

MA. FE SJ. PASTORAL, M.D.
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

PINAGTITIBAY:

GIL SJ. SAN JUAN
Punong Bayan